
# Point VIEWER Publishing

PVN


The Word of God





by: Bro. Ernie Acayan

PAHINA 9

ISSN : 2704 - 4270 | VOL. VIII | ISSUE NO. 37 | APRIL 13 - 19, 2026 | ₱15.00

# PAPI COURTESY CALL STRENGTHENS TIES WITH AKLAN LEADERS

P2




KALIBO, AKLAN – A meaningful and productive courtesy call was held between the officers of the Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI) and key leaders of Aklan, further strengthening collaboration between the media sector and local government units.



## Creating Music, Changing Lives: Amateur Songwriting Competition Showcases Emerging Talent

P3

## PROPEL Business Hub Opens to Drive Commercialization of Filipino Innovations

BASAHIN SA PAHINA 3



## Climate Change Commission, Climate Change Task Force, Science and Technology for Environment Progress Oath-Taking Ceremony

BASAHIN SA PAHINA 3



## Calvin Abueva pinagmulta ng P20-K dahil sa pag-akusa sa mga referee ng pagtanggap ng pera

BASAHIN SA PAHINA 12

## Jimuel Pacquiao, nasungkit ang unang panalo sa Professional Boxing matapos ma-KO sa 2nd-round ang kalaban

PAHINA 12

## SSS, nanawagan sa mga employer na irehistro ang kanilang mga kasambahay

Hinimok ng Social Security System (SSS) ang mga household employers na irehistro ang kanilang mga kasambahay upang masiguro na sila ay saklaw ng social security protection ng gobyerno.

Ayon kay SSS President at CEO Robert Joseph de Claro, layunin ng Kasambahay Caravan na inilunsad noong Marso 22 sa 43 site sa Metro Manila at Rizal na mapalapit ang SSS services sa mga household workers at kanilang employers.

Dagdag pa niya, ang mga rehistradong kasambahay ay maaaring mag-aplay para sa SSS loan programs, kabilang ang salary at calamity loans, at makakakuha rin ng proteksyon mula sa Employees' Compensation Program para sa work-related sickness, disability, o death.

Ayon kay SSS NCR Operations Group Acting SVP Benjamin Dolindo Jr., layunin ng caravan na palakasin pa ang social security coverage para sa sektor ng domestic help.

Batay kasi sa Republic Act 11199 o Social Security Act of 2018, obligadong irehistro ng mga employer ang kanilang kasambahay sa loob ng 30-araw mula nang matanggap ito sa trabaho at mag-remit ng kontribusyon.

Para sa mga kasambahay na kumikita ng P5,000 o higit pa, ibabawas ng employer ang employee share sa sweldo, idadagdag ang employer share, at babayaran sa accredited channels. Para sa kumikita ng P5,000 o mas mababa, sakop ng employer ang buong kontribusyon.

Binigyang-diin ni Social Security Commissioner Eva Arcos na dapat tingnan ang social security bilang long-term investment sa kapakanan ng mga manggagawa.




## PAPI Courtesy Call Strengthens Ties with Aklan Leaders



Leading the delegation were PAPI Chairman Nelson S. Santos and PAPI Vice President for Visayas Giecel Toriano-Albar, who engaged in discussions with Aklan's top officials on media partnership, public information dissemination, and community development.

The delegation was warmly received by prominent Aklan leaders including Kalibo Municipal Mayor Hon. Juris Bautista Sucro and Vice Mayor Hon. Phillip Yerro Kimpo Jr., who both expressed their support for responsible journalism and strengthened media relations in the municipality.

Also present were 1st District Representative Hon. Jesus "Papa Jess" R. Marquez and former Congressman Carlito S. Marquez, whose presence underscored the importance of unified leadership in advancing Aklan's development agenda. Representing the Provincial Government, Honorable Governor Jose Enrique "Joen" Miraflores extended his support through Provincial Administrator Atty. Selwyn Ibarreta, highlighting the province's commitment to transparency and cooperation with media organizations. Malay Municipal Mayor Frolibar "Fromy" Bautista was also in attendance, further demonstrating a collective commitment among Aklan officials to foster open communication with the media.

The courtesy call also served as part of the preparations for the upcoming 2026 PAPI Midyear Conference, which will be held in Kalibo and Boracay from June 24 to 27, 2026. The event is expected to gather media practitioners from across the country, providing a platform for knowledge-sharing, collaboration, and strengthening the role of community journalism in national development.

Overall, the courtesy call served as a platform to discuss future collaborations, strengthen institutional relationships, and reaffirm the shared goal of promoting truth, accountability, and development through responsible journalism. This initiative reflects PAPI's continuing mission to build strong partnerships with local government units across the country, ensuring that accurate information reaches communities and empowers citizens. **(PAPI Team)**

## Lacson, pinuri si DFA Sec. Lazaro para sa 'Quiet Diplomacy' sa Iran

Pinuri ni Senate President Pro Tempore Panfilo "Ping" Lacson si Foreign Affairs Secretary Ma. Theresa Lazaro sa kanyang "quiet diplomacy" na nagtiyak ng ligtas na pagdaan sa Strait of Hormuz ng mga Philippine-flagged vessels, energy shipments, at mga Pilipinong marino sa Strait of Hormuz.

Ayon kay Lacson, mahalaga ang kasunduang ito dahil dito dumadaan ang tinatayang 80% hanggang 100% ng inaangkat na langis ng Pilipinas. Sinabi niyang sa pamamagitan ng "quiet diplomacy," nakipag-ugnayan ang DFA sa Iran upang payagan ang tuloy-tuloy at ligtas na pagbiyahe ng mga barko at oil shipments ng bansa.

"Our commendation and gratitude to DFA Secretary Maria Theresa Lazaro for quietly and efficiently negotiating with Iran to allow passage of vessels through the Strait of Hormuz that deliver 80% to 100% of the Philippines oil imports," aniya sa isang post sa X (dating twitter).

Nauna nang inihayag ng DFA na nagkaroon ng "very productive" na pag-uusap si Lazaro at ni Iranian Foreign Minister Seyed Abbas Araghchi, kung saan tiniyak ng Iran ang "safe, unhindered, and expeditious passage through the Strait of Hormuz" ng mga Philippine-flagged vessels, pati na rin ang kaligtasan ng mga Tripulanteng Pilipino.

Binigyang-diin pa ni Lazaro na mahalaga ito upang mapanatili ang energy security ng bansa at maprotektahan ang mga Pilipinong nagtatrabaho sa karagatan. Hiniling din ng Pilipinas sa Iran na ituring itong "non-hostile country" upang masiguro ang tuloy-tuloy na operasyon ng mga barko nito sa rehiyon.

Noong Miyerkules, hinimok ni Lacson ang mga Pilipino na ipagdasal na malagpasan ng bansa at ng mundo ang "Trump-26," sa gitna ng mga hamong pang-ekonomiya — kabilang ang pagtaas ng presyo ng langis —na aniya'y malaking dulot ng "whimsical arrogance" ni US President Donald Trump.



## Patuloy na pagtaas ng presyo ng LPG may epekto sa pagkain

Ibinabala ng isang mambabatas na magkakaroon ng epekto sa pagkain ang patuloy na pagtaas ng presyo ng liquefied petroleum gas (LPG) at kerosene.

Ayon kay Senior Citizens party-list Rep. Rodolfo Ordanes , na maaring lumiit o maging kaunti lamang ang ihahain na servings sa bawat karinderia.

Dagdag pa nito na ang pagtaas ng presyo ng langis ay hindi lamang nakakaapekto sa sektor ng transportasyon at sa halip ay tatamaan din ang industriya ng pagkain.

Maaari din na mapilitan ang mga restaurant, bakeries at ilang kainan na gumamit na ng uling sa pagluluto.

Magugunitang nitong unang araw ng Abril ng ipinatupad ang unang dagdag presyo na P5 sa kada kilo ng LPG na susundan ito ng panibagong P5 na dagdag presyo sa susunod na linggo.

## Gatchalian, pinuri ang 'safe passage' deal ng PH at Iran sa gitna ng oil crisis

Pinuri ni Senator Sherwin Gatchalian ang pamahalaan sa pagkakasiguro ng "safe passage" deal sa Iran, na aniya'y malaking tagumpay para sa Pilipinas sa gitna ng patuloy na krisis sa langis dulot ng digmaan sa Gitnang Silangan.

Ayon kay Gatchalian, mahalaga ang kasunduan kung saan pinayagan ng Iran ang pagdaan ng mga oil tanker ng Pilipinas sa Strait of Hormuz, na nagsisilbing pangunahing ruta ng suplay ng langis sa mundo. Balitang Pilipinas

"Iran's commitment to allow the passage of PH-bound oil tankers through the Strait of Hormuz is a critical win for the country's national energy security," ani ng senador.Pinuri rin niya ang Department of Foreign Affairs (DFA) at Department of Energy (DOE) sa mabilis na pag-aksyon upang maisakatuparan ang kasunduan. Aniya, makakatulong ito upang mabawasan ang epekto ng pagtaas ng presyo ng langis at kakulangan ng suplay sa bansa.

Ipinahayag din ni Gatchalian ang pag-asa na makatutulong ang kasunduan upang matiyak ang sapat na suplay ng langis sa mga susunod na buwan. Dagdag pa niya, ipatutupad din ang mga contingency plans na isinusulong ng Senate PROTECT committee upang matulungan



ang mga Pilipinong apektado ng krisis.Nauna nang kinumpirma ni Foreign Affairs Secretary Ma. Theresa Lazaro ang naging pag-uusap nila ni Iranian Foreign Minister Seyed Abbas Araghchi, na nagbukas ng daan para sa ligtas na pagdaan ng mga barko at Filipino seafarers sa Strait of Hormuz.

PVN Point VIEWER Publishing

*LEMUEL D. JUNIO*
Publisher

*DARYL JETT M. ALVAREZ*
Editor-in-Chief

*JOEL A. CANTOR*
Assistant

*DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ*
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

PAPI
Publishers Association of the Philippines, Inc.

**DISCLAIMER**

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.

**INFORMATION**

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

**ADVERTISING RATE**

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter



## Creating Music, Changing Lives: Amateur Songwriting Competition Showcases Emerging Talent

A meaningful Amateur Songwriting Competition for a cause was successfully held recently under the theme "Creating Music, Changing Lives," bringing together aspiring songwriters in a celebration of creativity, talent, and purpose.

The event was a collaborative effort of CISAT Education, CISAT Foundation, and LMDA Records and Studio, aimed at providing a platform for emerging songwriters to showcase their original compositions while supporting a worthy cause. Participants from various places took part in the competition, presenting songs that reflected themes of hope, inspiration, and positive change.

Each performance highlighted not only the musical talent of the contestants but also their creativity and passion for storytelling through music. The event effectively brought to life its core mission—demonstrating how music can be a powerful tool for personal expression and social impact.

The success of the event was made possible through the leadership and support of key organizers, including Mr. Michael A. De Lara, CEO of LMDA Records and Studio, and Mr. Jose Fuster Jr., President/CEO of CISAT Foundation.

Distinguished personalities from the music and media industry also graced the event. Among them were Jun Carlos, Director; Juvy De Guzman, also known as Yes Yes Yo Topacio, who served as host; Tonz Lander (T-Bon), Director; and Belle Surara, Radyo Agila host.

The panel of judges included Rachell Baldomaro, fashion model; Doc Mon Del Rosario, composer and COB; and Gioy Garrido, composer and music producer. Also present were Victor B. Salonga, Yes Yes Yo Topacio correspondent; Jane Famouz, indie film artist; Direk Otep; and Britney Cane of the Wowowie Twins, who showcased her talent as a singer.

Beyond the competition itself, the program also sought to generate support for community-based initiatives, reinforcing the idea that music can serve as a catalyst for meaningful change in society.

According to the organizers, they look forward to holding more projects like this in the future, with the goal of continuously supporting local talent and inspiring a wider audience through the transformative power of music.

## Climate Change Commission, Climate Change Task Force, Science and Technology for Environment Progress Oath-Taking Ceremony

The Climate Change Task Force (CCTF) operates under the supervision of the Climate Change Commission (CCC). The CCC aims to strengthen the country's preparedness and resilience against the impacts of climate change while promoting smart and innovative solutions to environmental challenges in the Philippines.

The oath-taking of the new members and officers reflects the support of BauerTek Pharmaceutical Technologies, Kaibigan sa Kalusugan, and The GlobaLeader Inc. for initiatives aimed at combating climate change. Through tree-planting programs, BauerTek actively contributes to reducing carbon in the environment through carbon sequestration.

Led by Scientist/Inventor Richard Nixon Gomez, who has been designated as the National Commander of STEP, the task force will utilize innovative approaches and science-based solutions to address the challenges of climate change in the country. The ceremony was graced by Commissioner Albert P. Dela Cruz of the Climate Change Commission, who also serves as Director General of the Climate Change Task Force.

May this serve as an inspiration for everyone to continue fulfilling our responsibilities with integrity, dedication, and genuine concern for the environment and the nation.



**For a New Philippines, the newly appointed members of the Climate Change Task Force – Science and Technology for Environmental Progress (CCTF-STEP) took their oath to fulfill their vital role in protecting the environment through science and technology.**

## Kadete mula Leyte, Valedictorian ng PNPA Class 2026; VSU pinuri ni Romualdez



Binigyang-pugay ni Leyte Rep. Ferdinand Martin Romualdez si Police Cadet Van Marie Editha Gundaya Cagasan mula Baybay City, Leyte, matapos itong hirangin bilang Valedictorian ng Philippine National Police Academy (PNPA) "Silang-Paglaom" Class of 2026.

Si Cagasan ang nanguna sa 326 na nagsipagtapos at tumanggap ng mga prestihiyosong parangal kabilang ang Presidential Kampilan Award, Chief PNP Kampilan Award, at Best in General Education.

Ayon kay Romualdez, ang tagumpay ni Cagasan ay karangalan hindi lamang para sa Leyte kundi para sa buong Eastern Visayas. Binigyang-diin ng House Speaker na ang determinasyon ng kadete ay nag-ugat sa kanyang pangako sa namayapang ina.

"Isa itong kuwento ng talino, tibay ng loob, at pagmamahal sa pamilya," pahayag ni Romualdez.

Kasabay nito, kinilala rin ni Romualdez ang Visayas State University (VSU) na nagsilbing lunduyan ng kaalaman ni Cagasan bago pumasok sa akademya. Si Cagasan ay dating DA scholar sa kursong BS Biotechnology sa VSU.

Sinabi ni dating Speaker Romualdez, napatunayan ng VSU na hindi lamang ito mahusay sa agrikultura at siyensya kundi epektibo rin sa paghubog ng mga pinunong may dangal at malasakit sa bayan.

"Sa tagumpay ni Van Marie Editha Gundaya Cagasan, nakita ng Leyte ang isang anak ng rehiyon na tumindig para sa pamilya, para sa paaralan at para sa bayan. Sa tagumpay na ito rin, nakita ng bansa ang patunay na ang VSU ay nananatiling pinagmumulan ng husay, dangal, at pag-asa," dagdag pa ni Romualdez.

## Mga sasakyan ni Zaldy Co, hawak na ng BOC

Nasa kustodiya pa rin ng Bureau of Customs ang walo sa 18 luxury cars ni dating Ako Bicol parylist Rep. Zaldy Co.

Ang nasbing mga sasakyan ay nakumpiska ng BOC mula pa noong buwan ng Enero dahil sa may kinalaman sa kurapsyon sa flood control projects.Dinala sa BOC compound sa Maynila ang nasabing mga sasakyan mula sa Independent Commission on Infrastructure.Nagtapos na kasi ang termino ng ICI noon pang Marso 31.Sakaling mapatunayan ng BOC na kuwestiyonable ang dokumento ng mga sasakyan ay maari nilang ipa-auction ang mga ito.

## PROPEL Business Hub Opens to Drive Commercialization of Filipino Innovations




The Department of Science and Technology (DOST) formally launched the PROPEL Business Hub and Exhibit Center on March 31, 2026, at the PROPEL Hub-Executive Lounge, DOST Complex along General Santos Avenue in Taguig City, establishing a collaborative space aimed at accelerating the commercialization of Filipino innovations and strengthening the country's science, technology, and innovation (STI) ecosystem.

The PROPEL Business Hub is envisioned as a dynamic platform that brings together startups, innovators, scientists, experts, and research institutions, enabling stronger collaboration and bridging the gap between discovery and deployment. It serves as a venue where research outputs can be transformed into market-ready solutions through access to shared facilities, advanced equipment, and technical expertise.

Dr. Napoleon K. Juanillo Jr., Assistant Secretary for Technology Transfer, Communications, and Commercialization, emphasized that the hub stands as a platform for turning possibilities into reality by connecting innovators with the scientific community and providing an environment that fosters collaboration and technology development.

Meanwhile, Dr. Renato U. Solidum Jr., Secretary of the Department of Science and Technology, highlighted that the initiative enables researchers and startups to benefit from mentorship, incubation, and acceleration programs, while also opening opportunities for industry matching and technology pitching. He underscored the importance of promoting regional strengths across priority sectors such as agriculture, marine resources, advanced manufacturing, health technologies, and renewable energy.

The DOST chief further noted that the establishment of the hub reflects the agency's firm commitment to move beyond research publication toward full commercialization. By strengthening linkages among government, academe, industry, and investors, the PROPEL Business Hub helps build a seamless pipeline from ideation and validation to prototyping, production, and global competitiveness.

With the launch of the PROPEL Business Hub and Exhibit Center, DOST reinforces its goal of ensuring that Filipino innovations do not remain on shelves but are translated into real-world applications that drive inclusive economic growth and national development. **(Nelson Santos)**

## NBI report sa seguridad ng star witness vs VP Duterte, inaasahan sa susunod na pagdinig ng Kamara

Aasahan sa darating na Abril 14 na pagdinig ng House Committee on Justice ang ulat mula sa National Bureau of Investigation (NBI) hinggil sa pinaigting na seguridad ni Ramil Madriaga, ang dating aide at mahalagang testigo sa impeachment proceedings laban kay Vice President Sara Duterte.

Ayon kay Lanao del Sur Rep. Zia Alonto Adiong, inaprubahan na ng komite ang mosyon upang palakasin ang proteksyon para kay Madriaga.Inaasahan din ang pagharap nito sa susunod na pagpupulong ng mga mambabatas upang magbigay-linaw sa mga isyu.Binigyang-diin ni Adiong na krusyal ang partisipasyon at testimonya ng testigo dahil nakasentro ito sa Article III at IV ng mga nakahaing reklamo, na nag-aakusa kay Duterte ng panunuhol sa mga opisyal ng Department of Education (DepEd) noong siya pa ang kalihim nito.

Pinalutang ni Akbayan party-list Rep. Chel Diokno ang mosyon na isailalim si Madriaga sa protective custody bunsod ng matinding banta sa buhay nito. Base sa affidavit na ginawa ni Madriaga habang nasa kulungan, nangangamba siyang nais siyang ipapatay ni dating Negros Oriental Rep. Arnolfo Teves Jr.

Sa kasalukuyan, dalawa na lamang sa apat na orihinal na impeachment complaints ang aktibong dinidinig ng komite matapos ibasura ang una at bawiin naman ang ikalawa.

# Libreng pagkain, ipinamahagi sa mga Jeepney driver sa gitna ng pagtaas ng presyo ng langis



Namahagi ng libreng pagkain ang civic group na Para Commuters' Network sa mga jeepney driver sa Maynila nitong Lunes ng umaga upang matulungan silang makayanan ang patuloy na pagtaas ng presyo ng langis dulot ng digmaan sa Middle East.

Nagbigay ang grupo ng chicken adobo rice meals sa mga tsuper, na labis namang nagpasalamat at umaasang mas marami pang tutulong sa kanila.

Ayon kay convenor na si Nanoy Rafael, ginagawa ng mga commuter ang kanilang makakaya upang makatulong, kahit isang libreng pagkain kada araw.

Samantala, nagpatupad din ang pamahalaang lungsod ng Maynila ng libreng sakay sa ilang lugar matapos umupa ng mga jeepney, kabilang sa kanto ng Pedro Gil at Agoncillo.

Ayon sa mga driver, malaking tulong ito dahil may garantisadong kita sila na P1,000 kada araw mas mataas kumpara sa dati niyang kinikita na halos P200 na lamang matapos ibawas ang gastos sa gasolina.

Sa Iloilo City, nagbukas naman ng community pantry ang Jaro Archdiocesan Social Action Center (JASAC) para sa mga jeepney driver. Dito, maaari silang kumuha ng libreng isda, gulay, at de-latang pagkain. Umabot na sa 379 driver ang natulungan ng programa, at plano pa itong palawakin para sa mga mangingisda at senior citizens.

Sa kabila ng mga inisyatiba, nananatiling alalahanin parin ng ilang driver ang nakaambang panibagong taas-presyo ng langis. Babala ng ilang grupo, posibleng mas marami pang operator ang tumigil sa pamamasada kung magpapatuloy ang pagtaas ng gastos.

# Buwaya, namataan sa ilalim ng stilt house sa Tawi-Tawi

Nababahala ngayon ang mga residente ng Barangay Buan sa bayan ng Panglima Sugala, Tawi-Tawi matapos mamataan ang isang malaking buwaya sa ilalim ng isang stilt house o bahay na nakatayo sa ibabaw ng tubig noong Sabado, Abril 4, 2026.

Sa isang video na ibinahagi online ng isang residente, makikita ang buwaya na lumilitaw sa tubig matapos tutukan ng flashlight. Ayon sa nag-upload, high tide umano noon kaya madaling nakita ang hayop sa ilalim ng bahay.

Pinaniniwalaang naghahanap ng makakain ang buwaya, partikular ng mga alagang manok sa lugar.

Agad naman itong umatras nang mapansin ang presensya ng mga taong nagtipon sa paligid.

Ayon sa Municipal Disaster Risk Reduction and Management Office (MDRRMO), kilala ang nasabing lugar bilang tirahan ng mga buwaya. Dahil dito, pinaalalahanan ang mga residente na iwasan ang paglangoy o paglalakad sa naturang lugar lalo na sa gabi.

Hinimok din ng mga awtoridad ang publiko na sundin ang mga babala at agad iulat ang anumang makitang buwaya sa kanilang lugar.

Samantala, muling pinaalalahanan ng mga opisyal na ang mga buwaya ay protektado sa ilalim ng Wildlife Resources Conservation and Protection Act o Republic Act 9147, kaya mahigpit na ipinagbabawal ang pananakit o pagpatay sa mga ito.

# Heat index sa 2 lugar, pumalo sa danger level; 8 iba pa nasa extreme caution

Nakaranas ng matinding alinsangan ang ilang bahagi ng bansa matapos umabot sa danger level ang heat index ngayong araw, Abril 6, 2026.

Batay sa pinakahuling forecast at opisyal na datos mula sa State Weather Bureau , nanguna ang Dumangas, Iloilo at Catarman, Northern Samar na nakapagtala ng pinakamataas na heat index na umabot sa 42°C.

Pasok ang naturang antas sa danger category ng ahensya, na sumasaklaw sa temperaturang 42°C hanggang 51°C.

Sa ilalim ng kategoryang ito, nagbabala ang state weather bureau na mataas ang posibilidad ng heat cramps, heat exhaustion, at heat stroke sa patuloy na pagkakababad sa araw.

Samantala, walong iba pang lugar ang nasa ilalim ng extreme caution category na may temperaturang 33°C hanggang 41°C.

Naitala ang 41°C na heat index sa CBSUA-Pili, Camarines Sur at Guiuan, Eastern Samar.

Pumalo naman sa 40°C ang naramdamang alinsangan sa anim na lokasyon, kabilang ang Dagupan City, Pangasinan; Aparri at Tuguegarao City sa Cagayan; Sangley Point, Cavite; San Jose, Occidental Mindoro; at Cuyo, Palawan.

Ayon sa ahensya, patuloy ang kanilang abiso sa publiko, partikular sa mga lugar na pasok sa danger at extreme caution levels, na manatiling hydrated at iwasan ang matagal na paglabas ng bahay tuwing kasagsagan ng sikat ng araw upang makaiwas sa anumang komplikasyon sa kalusugan.

# Mga kinumpiskang smuggled luxury vehicles at reporma, nagtulak sa record-breaking na koleksyon ng BOC sa unang quarter

Nalampasan ng Bureau of Customs (BOC) ang kanilang revenue target para sa unang quarter ng taong 2026 matapos makapagtala ng ₱239.054 bilyong pondo na pumasok sa kaban ng bayan mula Enero hanggang Marso.

Ayon kay BOC Commissioner Ariel F. Nepomuceno, higit ito ng ₱2.994 bilyon o 1.3 porsyento kumpara sa kanilang orihinal na asinta na ₱236.060 bilyon.

Mas mataas din ang nakolekta ngayon ng ₱7.677 bilyon o 3.3 porsyento kung ihahambing sa kaparehong panahon noong nakaraang taon. Ito na ang naitalang pinakamataas na first-quarter collection sa kasaysayan ng kawanihan.

Ibinida ng opisyal na ang labis na kita ay direktang resulta ng mga ipinatutupad na reporma, mahigpit na pamamahala, at mas pinaigting na pagpapatupad ng batas sa lahat ng pantalan sa bansa.

Malaking bahagi rin umano ng pumasok na pondo ay nagmula sa matagumpay na public auction ng mga kinumpiskang kargamento at kontrabando, partikular na ang mga smuggled luxury vehicles.

Bukod dito, malaki rin ang iniambag ng pinalakas na post-clearance audit operations ng ahensya upang singilin ang mga kakulangan sa buwis ng mga importer.

Bilang bahagi ng paglilinis sa ahensya, patuloy na ipinatutupad ng BOC ang kanilang Integrity, Accountability, and Modernization Program. Ang hakbang na ito ay naglalayong isulong ang transparency at i-angat ang professionalism sa hanay ng mga kawani upang mapigilan ang katiwalian.

Binigyang-diin ni Nepomuceno na ang paglampas sa kanilang target ay isang malinaw na patunay na epektibo ang pagsasama ng tapat na sistema, integridad, at modernisasyon upang tuluyang mapalakas ang kakayahan ng pamahalaan na makalikom ng pondo.

## Inuman sa mga lansangan, mahigpit na ring ipinagbabawal

Inanunsyo ni Department of Interior and Local Government (DILG) Secretary Juanito Victor 'Jonvic' Remulla na mahigpit nang ipinagbabawal ang pagiinuman sa mga lansangan o tabi ng kalsada.

Aniya, ito kasi ang pangunahing dahilan sa likod ng mga away sa lansangan o hindi kaya'y mga sexual harassment sa mga kababaihan. Inatasan naman ng kalihim ang pulisya at maging ang nga oto ridad ng mga lokal na pamahalaan na hulihin ang sinumang lalabag sa polisiyang ito bilang bahagi ng Anti- Public Intoxication Act.

Samantala, sinabi naman ni Remulla na wala naman aniyang problema kung ang inuman ay nagaganap sa loob ng mga tahanan huwag lamang sa mga pampublikong lugar gaya ng mga kalsada at lansangan.




# Ombudsman Remulla, ipinatawag ng Kamara sa impeachment hearing

Pormal nang inatasan ng House of Representatives si Ombudsman Jesus Crispin Remulla na humarap sa susunod na pagdinig ng impeachment laban kay Vice President Sara Duterte upang isumite ang mga Statement of Assets, Liabilities, and Net Worth o SALN ng Bise Presidente.

Ang hakbang na ito ay bunsod ng rebelasyon sa pagdinig ng komite na umano'y tumaas ng mahigit 1,000 porsyento ang yaman ni Duterte sa loob ng ilang taon.

Nilagdaan nina House Committee on Justice chairperson at Batangas Rep. Gerville Luistro, kasama si House Speaker Faustino Bojie Dy III, ang isang subpoena testificandum et duces tecum.

Inaatasan nito si Remulla na magdala ng certified true copies ng SALN ng Bise Presidente mula 2022 hanggang 2025, at mula 2007 hanggang 2013.

Pinaalalahanan din ng komite ang Ombudsman sa kanyang mga karapatan.

Ang pag-iisyu ng subpoena ay nag-ugat sa mosyon ni Manila Rep. Joel Chua na nakakuha ng 34 pabor na boto noong Marso 25. Ayon kay Chua, kailangan ito upang makakuha ng mahalagang ebidensya base sa naging letter-motion ni Akbayan party-list Rep. Chel Diokno.

Tanging si Cagayan de Oro Rep. Rufus Rodriguez ang tumutol sa hakbang. Tinawag niya itong isang fishing expedition dahil wala umanong ultimate facts na nakasaad sa mga natitirang reklamo na direktang tumutukoy sa SALN ng Bise Presidente.

Subalit, binigyang-diin ni Bicol Saro party-list Rep. Terry Ridon na mula sa P7.2 milyong net worth ni Duterte noong 2007 nang una itong pumasok sa gobyerno, lumobo ito sa P88.51 milyon noong 2024—isang pag-akyat na naitala bilang 1,120 porsyentong spike.

Sa kasalukuyan, dalawa sa orihinal na apat na impeachment complaint ang nananatiling buhay.

Nakasentro ang mga ito sa umano'y maling paggamit ng confidential funds, panunuhol, at iba pang paglabag sa 1987 Konstitusyon.

## 4 na pulis na sangkot sa shooting incident sa Puerto Princesa, kasalukuyang nasa ilalim na ng restrictive custody – PNP

Isinailalim na sa restrictive custody ng Philippine National Police (PNP) ang apat na pulis na siyang sangkot sa naging insidente ng pamamaril sa Puerto Princesa na siyang nagresulta sa tatlong nasawing indibidwal.Ayon kay PNP Chief PGen. Jose Melencio Nartatez Jr., maliban sa pagsasailalim sa mga ito sa restrictive custody ay kasalukuyan na ring dinisarmahan ang mga pulis.Ang apat kasi ay napagalamang rumesponde sa isang gulo sa isang lamay ng walang sapat na koordinasyon sa kanilang hepe at hindi umano'y nasa impluwensiya ng alak at hindi rin nakasuot ng kanilang mga uniporme sa kabila ng full alert status nitong nagdaang Semana Santa.

Sa apat na pulis, tatlo ang napagalamang may mga ranggong Police Staff Sergeant habang ang isa naman ay isang Police Corporal.

Siniguro naman ni Nartatez na walang magiging cover up o whitewash sa mga kaso na ito ng apat na pulis na siya ring nakatakdang sampahan ng mga kaukulang administratibo at kriminal na kaso laban sa mga pulis.

# Higit 400K pasahero naitala noong Easter Sunday; pagbabantay ng PCG sa mga pantalan, tuloy-tuloy pa rin

Nananatiling naka-antabay ang buong pwersa ng Philippine Coast Guard (PCG) sa lahat ng mga pangunahing pantalan sa bansa upang tiyakin ang kaligtasan at kaayusan para sa mga pasaherong humahabol sa pag-uwi matapos ang mahabang bakasyon ng Semana Santa.Balitang Pilipinas

Bagama't pormal nang nagtapos ang Holy Week, tuloy-tuloy pa rin ang mahigpit na pagbabantay ng mga awtoridad ngayong araw.

Ayon sa PCG, inaasahan pa rin nila ang dagsa ng mga biyaherong pabalik na sa kanilang mga trabaho at tahanan mula sa mga lalawigan para sa post-holiday rush.

Base sa pinakahuling datos na inilabas ng kawanihan, pumalo sa 408,000 na inbound at outbound passengers ang naitala sa iba't ibang pantalan sa buong Pilipinas kahapon, na kasabay ng pagdiriwang ng Easter Sunday.

Bilang bahagi ng paghahanda sa malaking bulto ng mga manlalakbay, una nang isinailalim sa heightened alert ang lahat ng districts, stations, at sub-stations ng PCG sa buong bansa.

Patuloy ang pakikipag-ugnayan ng kawanihan sa iba't ibang ahensya upang masiguro ang maayos na daloy ng trapiko sa mga terminal at ligtas na paglalayag ng mga barko

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT & EX-OFFICIO SHERIFF**
**QUEZON CITY**
Email Address: rtc1qznocc@judiciary.gov.ph
Mobile No./Landline No. 09155083986/ 89243843

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

-versus-

FRE NO. 16354

**GLORIA DANCEL DOMINGO,**
Debtor/Mortgagor.
x-------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE OF REAL PROPERTY UNDER ACT 3135 (AS AMENDED)

UPON extra-judicial petition under ACT 3135, as amended by ACT 4118 and pursuant to the terms and conditions of the **LOAN AGREEMENT dated APRIL 1, 2015 and REAL ESTATE MORTGAGE dated MAY 8, 2025** executed by **GLORIA DANCEL DOMINGO,** -No. 36, Scout Chuatoco Street, Quezon City 1100/ Unit 736, 7th Floor, Tower 1, AMAIA Skies Cubao, P. Tuazon Boulevard corner 5th Avenue, Barangay Socorro, Cubao, Quezon City, Debtors/Mortgagors in favor of **BDO UNIBANK, INC.,** Mortgagee, to satisfy the mortgage debt in the amount of **Php1,001,092.17** as of **FEBRUARY 11, 2026,** including interests, penalties and expenses incidental, other charges, together with all the lawful fees and expenses of foreclosure sale as may due, the Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Quezon City and/or his duly authorized Deputy Sheriff, hereby announces that on **MAY 12, 2026** between the hours of 9:00 A.M. to 4:00 P.M. at the Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff, Regional Trial Court, Hall of Justice Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City, will sell thru public auction to the highest bidder for cash, in Philippine Currency, the following described real property/ies with all the improvements existing thereon, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 004-2024023622**
**Registry of Deeds-Quezon City**

AMAIA SKIES CUBAO

TOWER 1

| | |
|---|---|
| UNIT NO.: | 736 |
| UNIT DESCRIPTION: | STUDIO UNIT |
| UNIT TYPE | A |
| FLOOR LEVEL: | 7TH |
| UNIT AREA NO.: | 18.60 SQ. M. |

In the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2012006856 which embraces and describes the land located at P. TUAZON BLVD. CORNER 5TH AVENUE, BRGY. SOCORRO, CUBAO, QUEZON CITY with an area of THREE THOUSAND SEVENTY-EIGHT (3,078) Square Meter.

All sealed bids must be submitted to the undersigned at the aforesaid office on the above stated date and time.

Interested parties are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and the encumbrances thereon, if any there be.

In the event that public auction should not take place on the scheduled date due to fortuitous event or if the same be declared a non-working holiday or for any other lawful/valid reasons, it shall be held on **MAY 19, 2026** at the same time and place without further notice.

Quezon City, Metro Manila, April 8, 2026.

**(SIGNED)**
**DAISY OBRA**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**GREGORIO C. TALLUD**
Clerk of Court VII and
Ex-Officio Sheriff

WARNING:

It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sheriff's Sale on or before the date of the auction sale under penalty of the law.

Copy Furnished;

**BDO UNIBANK, INC.**
**REMEDIAL MANAGEMENT UNIT**
**BY: ANNE HAZEL M. GAVIOLA**
33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas
No. 12, ADB Avenue, Mandaluyong City

**GLORIA DANCEL DOMINGO**
No. 36, Scout Chuatoco Street, Quezon City 1100

**GLORIA DANCEL DOMINGO**
Unit 736, 7th Floor, Tower 1, AMAIA Skies
Cubao, P. Tuazon Boulevard corner 5th Avenue,
Barangay Socorro, Cubao, Quezon City

**GLORIA DANCEL DOMINGO**
Unit 736, 7th Floor, Tower 1, AMAIA Skies Cubao,
P. Tuazon Boulevard corner 5th Avenue,
Barangay Socorro, Cubao, Quezon City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 13, 20 & 27, 2026**



# Ilang insidente ng jellyfish sting, naitala sa Dagupan City

Nakapagtala ng ilang kaso ng jellyfish sting sa Tondaligan Beach sa Dagupan City kahapon, Easter Sunday.

Dahilan nito, pansamantalang ipinatigil ng mga awtoridad ang pagligo sa nasabing karagatan.

Ilan sa mga biktima ay nakaranas ng allergic reaction at kinailangang dalhin sa ospital.

Ipinaliwanag ng Lifeguard team na karaniwang lumalabas ang mga jellyfish kapag mainit ang panahon.

Ayon pa sa grupo, may naitalang ilang insidente ng near drowning ngunit agad itong natugunan at walang kinailangang isugod sa ospital.

Samantala, hindi umabot sa inaasahang bilang ng mga bisita ang dumagsa sa Tondaligan Beach nitong nagdaang Semana Santa.

Ayon kay Ella Oribello, Team Leader ng lifeguard, hindi naabot ang 50 porsyento ng inaasahang volume ng tao mula pa noong Lunes hanggang kahapon.

Bagamat may ilang bisitang nagmula sa iba't ibang bayan, nananatiling mas mababa ang bilang kumpara sa mga nakaraang taon kung saan umaabot sa buong kapasidad ang lugar.

Kapansin-pansin din umano ang kakulangan ng mga bisita sa mga cottage area, habang mas maraming tao ang nananatili sa unahang bahagi ng dalampasigan.

Sa kabila ng mas mababang bilang ng mga bisita, nananatiling handa ang mga lifeguards at iba pang ahensya sa anumang sitwasyon upang masiguro ang kaligtasan ng lahat ng nagtutungo sa Tondaligan Beach.

# Libreng sakay sa Maynila, muling ipinagpatuloy; 5-araw implementasyon ng programa, layon buuin

Muling ipinagpatuloy ngayong araw ng lokal na pamahalaan ng Maynila ang inilunsad na programang 'libreng sakay' para sa mga komyuter ng pampasaherong jeep sa lungsod.

Ito'y matapos ihinto kamakailan ang implementasyon ng naturang programa noong Miyerkules Santo kasunod ipatupad ng dalawang araw, Lunes at Martes Santo

Batay kasi sa plano, limang araw isasagawa ang 'libreng pamasahe' sa magkahiwalay na linggo, una ay nitong 'Holy Week' habang pangalawang bahagi naman ay ngayong linggo.

Ito'y itutuloy simula Lunes, ika-6 ng Abril at magtatapos hanggang Miyerkules.

Kung kaya'y sa naganap na 'flag raising ceremony' ng Manila City Hall sa pangunguna ni Mayor Francisco 'Isko' Moreno Domagoso, positibo niyang ibinahagi ang bilang naserbisyuhan ng programa.

Aniya'y umabot ito sa higit 300-libo pasahero ang nakabenepisyo at nakalibre ng pamasahe sa sinasakyang jeep sa lungsod.

Dagdag pa ng alkalde na kanilang titiyakin mabuo ang isang linggo implementasyon ng programang libreng sakay sa lungsod ng Maynila.

Naniniwala siyang makatutulong ito hindi lamang sa mga tsuper ng jeep kundi maging sa publilko na makalilibre ng pamasahe sa pagbyahe.

Inilunsad ang naturang 'libreng sakay' sa Maynila bilang tugon sa kinakaharap na krisis sa gasolina na siyang lubhang nakaapekto sa mga drayber ng jeep sa lungsod.

Sa programa, binibigyan ng P3,500 Jeepney Subsidy ang mga kalahok na jeep na maghahatid ng serbisyo sa mga mananakay o komyuter.

Nais kasi ng lokal na pamahalaan, sa kabila ng patuloy na pagsirit ng presyo sa produktong petrolyo, makatagpo ang mga ito ng katiyakan kita kahit sa ilang araw lamang ng implementasyon ng programa.

# EcoWaste Coalition, dismayado sa tambak na basura nitong Holy Week: 'Parang naging tradisyon na'

Dismayado ang EcoWaste Coalition matapos ang maraming piling pilgrimage sites at pampublikong lugar na napuno ng basura ngayong Holy Week, sa kabila ng paulit-ulit na panawagan ng grupo para sa tamang pagtatapon at pagpapanatili ng malinis na lugar ngayong Semana Santa.

Ayon sa grupo, naitala ang tambak ng basura sa mga pangunahing lugar ng pagdiriwang ng relihiyon, kabilang ang International Shrine of Our Lady of Peace and Good Voyage, Minor Basilica and National Shrine of Jesus Nazareno, at Our Lady of Lourdes Grotto Shrine.

Bago magsimula ang Semana Santa, nagbigay na ang EcoWaste ng paalala sa mga deboto na itapon nang maayos ang kanilang basura. Subalit, sa kanilang monitoring, nakitang may kalat ng mga plastic bottles, food containers, at leaflets sa mga kalye at loob ng mga simbahan.

Tugon tuloy nang grupo na sa kabila ng paulit-ulit nilang mga paalala "parang naging tradisyon na" ang pagkakalat ng mga Pilipino.

Gayunpaman, hinikayat ng environmental group ang lahat, lalo na ang mga pinuno ng simbahan at mananampalataya, na patuloy na itaguyod ang responsibilidad para sa ecological conversion.

Mula Maundy Thursday hanggang Good Friday, libu-libong deboto ang lumahok sa taunang "Alay Lakad" patungong International Shrine of Our Lady of Peace and Good Voyage sa Antipolo, na nag-iwan ng tambak ng basura sa ruta, partikular sa Pasig, Cainta, Taytay, at Antipolo, kung saan ang Tikling Junction ay tinukoy bilang isa sa mga pangunahing hotspot ng pagkakalat.

Sa Quiapo, Maynila, nakita rin ang kalat sa mga pangunahing daanan tulad ng Quezon Boulevard at C.M. Recto Avenue sa panahon ng 13-oras na prusisyon ng Black Nazarene, na dinayo ng mahigit 500,000 deboto.

Sa Our Lady of Lourdes Grotto Shrine sa San Jose del Monte, Bulacan, nakitang puno ang mga basurahan at may kalat sa Calvary Hill at mga kalapit na picnic areas, kabilang na ang mga food containers at plastic bottles.

Batay sa monitoring ng EcoWaste, bumisita ang kanilang volunteers sa 42 simbahan sa Luzon, at napansin nilang may ilang lugar na maayos ang kalinisan dahil sa mas istriktong waste management practices. Kabilang sa mga ito ang National Shrine and Parish of the Divine Mercy at ilang simbahan sa Bataan, Batangas, Cavite, Rizal, at Metro Manila, tulad ng Santo Domingo Church, na nagpatupad ng waste segregation at regular cleanups.



**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION**
**Br. 18 Manila**

**OFFICE OF THE EXECUTIVE JUDGE**

## NOTICE OF HEARING

Notice is hereby given that the hearing for the Notarial Commission of the following applicants to wit:

1. Atty. NICO A. GADRINAB
2. Atty. RYAN JAMES S. EDQUILAG
3. Atty. FLORENCE B. CARANDANG
4. Atty. TRIXIA THERESA B. REYES
5. Atty. JOSE CELSO CAESAR REY B. BATAGA
6. Atty. MIGUEL LUIS C. ARGUELLES
7. Atty. REEM D. PRUDENCIO
8. Atty. JOJEE ROSE GARCIA DELA CUEVA

shall be held on **April 27, 2026** at **11 o'clock in the morning** at **Rm. 418 & 419, 4th Floor, Manila City Hall.**

Any person who has any cause or reason to object to the grant of the petition may file a verified written opposition hereto, received by the undersigned on or before the date of the summary hearing.

Manila, Philippines, April 7, 2026.

**(SIGNED)**
**CAROLINA C. ICASIANO-SISON**
Executive Judge

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Date: April 13, 2026**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT &**
**EX-OFFICIO SHERIFF**
MUNTINLUPA CITY
(rtc1munocc@judiciary.gov.ph / (02)8247-7347 / 09610571730)

**PHILIPPINE NATIONAL BANK,**
**in its capacity as assignee-mortgagee**
**of PNB Savings Bank,**
Petitioner-Mortgagee,

**FORECLOSURE NO. E-26-019**

-versus-

**JOSEPHINE J. BERNABE,**
Respondent-Debtor/Mortgagor.
x----------------------------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act No. 3135, as amended by Act No. 4118, filed by **PHILIPPINE NATIONAL BANK, in its capacity as assignee-mortgagee of PNB Savings Bank, Petitioner-Mortgagee,** with postal address at **PNB Financial Center, Pres. Diosdado P. Macapagal Boulevard, Pasay City, Metro Manila,** against **JOSEPHINE J. BERNABE, Respondent-Debtor/Mortgagor,** with postal addresses at 17 Bogambilya St., Tahanan Village, Parañaque City and/or No. 17 Bogambilya Street, Tahanan Village, Barangay BF , Parañaque City and/or Unit B 8th Floor, Hudson Place Tower 1, Tribeca Private Residences Condo., Km 21 East Service Road, South Super Highway, Brgy. Sucat, Muntinlupa City, to satisfy the mortgage indebtedness which, as of January 31, 2026, amounts to **THREE MILLION TWO HUNDRED TWENTY THREE THOUSAND ONE HUNDRED SIXTY ONE PESOS AND 67/100 CENTAVOS (Php3,223,161.67), Philippine Currency,** inclusive of interest, penalties and other agreed charges, the Clerk of Court and Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court, Muntinlupa City, thru **MR. MARIONITO M. BIHAG,** Sheriff-in-Charge, shall sell at public auction on **MAY 12, 2026 at 10:00 o'clock in the morning, or soon thereafter, at the Main Entrance of the Hall of Justice, Tunasan, Muntinlupa City,** to the highest bidder, for CASH AND/OR MANAGER'S CHECK, and in Philippine Currency, the following property/ies with all its improvements, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 014-2023000780**

UNIT 8-B – DELUXE SUITE – LOCATED AT THE 8TH FLOOR, WITH AN AREA OF THIRTY THREE (33.00) SQ. M., MORE OR LESS AND FORMING PART OF TRIBECA PRIVATE RESIDENCES-HUDSON PLACE TOWER I, SUCAT, MUNTINLUPA CITY.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 146348 which embraces and describes the land located at MUNTINLUPA CITY with an area of ONE THOUSAND NINE HUNDRED FORTY-NINE (1949) Square Meter, is registered in the name of:

Owner: JOSEPHINE J. BERNABE, SINGLE, OF LEGAL AGE, FILIPINO CITIZEN

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, the auction sale shall be held on **May 27, 2026** at the same time and place without further notice.

Prospective buyers and bidders may investigate for themselves the Title herein above described and encumbrances thereon, if any, there be.

Muntinlupa City, March 5, 2026

**(SIGNED)**
**MARIONITO M. BIHAG**
RTC Branch 203
Sheriff-in-Charge

**(SIGNED)**
**ATTY. CHARMAINE C. APOLINARIO-JIMENEZ**
Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

WARNING

IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE, DEFACE, OR DESTROY THIS NOTICE OF SALE ON OR BEFORE THE DATE OF SALE UNDER THE PENALTY OF LAW.

Copy Furnished:

**1. ATTY. EDGARDO M. BANAAG**
Counsel for Petitioner-Mortgagee
Unit 2304, 23rd Flr., AIC Burgundy Empire Tower
ADB Ave. cor. Sapphire and Garnet Roads
Ortigas Center, Pasig City

**2. JOSEPHINE J. BERNABE**
17 Bogambilya St., Tahanan Village
Parañaque City

and/or

No. 17 Bogambilya Street, Tahanan Village
Barangay BF, Parañaque City

and/or

Unit B 8th Floor, Hudson Place Tower 1
Tribeca Private Residences Condo.
Km 21 East Service Road, South Super Highway
Brgy. Sucat, Muntinlupa City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 13, 20 and 27, 2026**



# Pagtaas ng kaso ng mga fire incidents nitong Semana Santa, nakikitang dahil sa naging crackdown ng korapsyon sa BFP – SILG Remulla

Aminado si Department of Interior and Local Governement (DILG) Secretary Juanito Victor "Jonvic" Remulla na isa sa mga posibleng dahilan kung bakit tumaas ang bilang ng mga naitalang fire incidents nitong Semana Santa ay dahil sa naantalang mga procurement ng fire trucks bunsod ng kamakailang crackdown ng kalihim sa talamak na korapsyon sa loob ng Bureau of Fire Protection (BFP).

Ayon sa kalihm, ang naging crackdown ay nagresulta sa delay sa procurement ng mga naturang equipments at bingyang diin ang hirap ng pagsasagawa ng reporma sa loob ng himpilan.

Sa kabila nito, siniguro naman ni Remulla na ngayong taon ay maidedeliver na ang mga naantalang procurement ng mga fire trucks para sa BFP upang maiwasan na ang ganitong pagtaas ng mga insidente.

Samantala, batay naman sa datos, tumaas ng halos 107% ang naitalang mga fre incidents ntong nagdaang linggo, simula Marso 21 hanggang Abril 5.

Nakapagtala kas ng 170 na insidente ang sunog ang BFP sa mga araw na ito na siyang mas mataas kumpara sa nautaang 82 fire incidents noong nakalipas na taon ng 2025.

# Imbestigasyon ng PNP sa naging shooting ncident sa Puerto Princesa, nagpapatuloy hanggang sa ngayon

Patuloy ang ikinakasang malalim na imbestigasyon ng Philippine national Police (PNP) hinggil yan sa insidente ng pamamaril sa Puerto Princesa na siyang naging dahilan ng pagkasawi ng dalawang pulis at sang Bureau of Corrections (BuCror) personnel noong Abril 3.

Ayon kay MIMAROPA Police Regional Office Director PBgen. Jovencio Badua Jr., para matiyak ang mabils na pagkakatukoy sa mga suspek at sa tunay na nangyari sa insidente ay bumuo na sila ng isang Special Investigation Task Group para pangunahan ang "focused" at "coordinated" investigation sa pamamaril.

Kabilang sa kasalukuyang ginagawa ng pulisya ay ang pangangalap ng mga ebidensya, pagsusurI ng mga ito at pagtutugma ng mga pangayayari. Nauna na rito ay kaalukuyan nanag nakatakaga bilang Acting Puerto Princesa City Police Office director si PCol. Dennis De Leon matapos sibakin sa pwesto ang dating hepe ng estasyon upang matiyak ang maayos na lderato at pagpapatuloy ng mg operasyon sa kabila man ng naging insidente.

Samantala, nagpaabot naman na ng taos-pusong oakikiramaay ang PNP sa pamilya ng mga nasawing pulis kung saan tiniyak ang pagbibigay suporta sa mga ito.

Kinilala rin ni PNP Chief PGen. Jose Melencio Nartatez Jr. ang hindi anyang matatwarang tapang ng mga nasawing pulis na buong pusong gumanap sa kanilang tugkulin para makapagbigay ng seguridad sa kanilang komunidad at sa bayan.

Tiniyak rin ng Pambansnag Pulisya na pananatiling ligtas ng pulisya ang rehiyong ng Palawan sa kabla man ng naging madugong engkwentro.

# DOH, inihayag na walang kakulangan sa suplay ng gamot sa gitna ng krisis

Patuloy na mino-monitor ng Department of Health ang presyo ng mga gamot dahil sa krisis sa langis dulot ng tensyon sa Gitnang Silangan, ngunit tiniyak na sapat pa ang suplay sa bansa.

Ayon kay Health Secretary Ted Herbosa, posibleng tumaas ang presyo ng gamot at iba pang produkto sa mga susunod na panahon dahil sa pagtaas ng gastos sa produksyon at logistics, lalo't marami sa mga medical supply ay inaangkat mula pa sa ibang bansa.

Gayunman, may nakahandang stockpile ng gamot para sa mga ospital at publiko kaya wala pang naitatalang kakulangan.

Tiniyak din ng DOH na tuloy-tuloy ang serbisyong pangkalusugan, bagama't inaasahang tataas ang gastusin ng mga mamamayan sa pagbili ng gamot sa mga botika.

**Republic of the Philippines**
**National Capital Judicial Region**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**Regional Trial Court of Manila**
rtc1mnlocc@judiciary.gov.ph
0991-958-7864

**EAST WEST BANKING CORPORATION,**
Petitioner/Mortgagee,

**Foreclosure No. 26-4983**

-versus-

**SPOUSES YUSOPH M. MACARAMBON AND MA. FE F. MACARAMBON,**
Mortgagor/Respondents.
x--------------------------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed on **February 26, 2026,** against the mortgagors, **SPOUSES YUSOPH M. MACARAMBON AND MA. FE F. MACARAMBON,** with last recorded address/es at (1) Unit 221 with Balcony Sorrel Residences, Brgy. 586 Zone 057, Sampaloc Manila; (2) 4b Lacson Street Herbosa, Brgy. Magsaysay, Tondo, Manila; (3) 04 Lacson Street, Tondo, Manila, to satisfy the mortgage indebtedness which, as of February 13, 2026, amounts to PESOS: TWO MILLION NINE HUNDRED EIGHTY-SEVEN THOUSAND THREE HUNDRED NINETY-FIVE AND 98/100 **(Php2,987,395.98)**[1] pursuant to the **Omnibus Loan and Mortgage Agreement**[2], the undersigned Acting Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Manila, through her deputy, Sheriff **MICHAEL JEREMY R. SY,** will sell at public auction on **May 06, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter but not later than 2:00 o'clock in the afternoon, in front of the Office of the Clerk of Court, Regional Trial Court, Manila, Room 400, 4th Floor, Manila City Hall, to the highest bidder, for **cash or manager's check** and in Philippine Currency, the following property with all its improvements, more particularly described as follows:

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
DEPARTMENT OF JUSTICE
**Land Registration Authority**
QUEZON CITY
**Registry of Deeds for City of Manila**

**Condominium Certificate of Title**
**No. 002-2020006397**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

UNIT 221 – A RESIDENTIAL 2-BEDROOM B (END UNIT), LOCATED AT THE SECOND FLOOR (ATRIUM LEVEL) OF "SORREL RESIDENCES", WITH A UNIT AREA OF 53.00 SQ. MTS., AND 9.00 SQ. MTS. BALCONY WITH A TOTAL AREA OF 62.00 SQ. MTS., MORE OR LESS.

In the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2011000635 which embraces and describes the land located at 3950 SOCIEGO STREET, STA. MESA, MANILA with an area of THREE THOUSAND EIGHT HUNDRED THIRTEEN AND TEN (3,813.10) Square Meter, is registered in the name of:

**Owner: SPOUSES MA. FE FORTES MACARAMBON AND YUSOPH MASORONG MACARAMBON, BOTH OF LEGAL AGE, FILIPINO CITIZENS**
**Address:** UNIT 221, SORREL RESIDENCES, BRGY. 586 ZONE 057, SAMPALOC, MANILA

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **May 13, 2026** without further notice.

City of Manila, Philippines, March 24, 2026.

**(SIGNED)**
**SHAIRA A. QUERUBIN**
Acting Clerk of Court[3] & Ex-Officio Sheriff

**(SIGNED)**
**MICHAEL JEREMY R. SY**
Sheriff-in-Charge

Copy furnished:

**EAST WEST BANKING CORPORATION,**
**MORTGAGEE**
EastWest Corporate Center, The Beaufort, 5th Ave. Cor. 23rd St., Bonifacio Global City, Taguig City,

**SPOUSES YUSOPH M. MACARAMBON**
**MA. FE F. MACARAMBON**
**MORTGAGORS**
(1) Unit 221 with Balcony Sorrel Residences, Brgy. 586 Zone 057, Sampaloc Manila;
(2) 4b Lacson Street Herbosa, Brgy. Magsaysay, Tondo, Manila;
(3) 04 Lacson Street, Tondo, Manila

**NOTE:** Failure to attend at the auction sale, despite proper notice, shall be construed as a waiver, Accordingly, the auction sale shall be held as scheduled.

The mortgagee is required to submit an updated Statement of Account before the scheduled auction sale.

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, destroy or deface this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale, under the penalty of law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 13, 20 & 27, 2026**

# Chinese Embassy, hinimok ang PH na itigil ang umano'y probokasyon sa WPS

Hinimok ng Embahada ng China sa Maynila ang Pilipinas na itigil ang umano'y "probokasyon" sa West Philippine Sea, at iginiit na magsasagawa ang Beijing ng "matitinding hakbang" upang ipagtanggol ang kanilang inaangking teritoryo.

Sa isang pahayag, sinabi ni Chinese Embassy spokesperson Ji Lingpeng na hindi papayagan ng China ang "iresponsableng aksyon" at nanawagan itong bumalik ang Pilipinas sa dayalogo at konsultasyon.

Sinabi rin niyang bukas ang China sa negosasyon at nagpapatuloy ang komunikasyon ng dalawang bansa sa diplomatic channels.

Itinanggi rin ng China ang mga paratang ng Pilipinas, kabilang ang paggamit umano ng radar laban sa Philippine vessel, at tinawag itong gawa-gawa. Sa halip, inakusahan nito ang Pilipinas ng paulit-ulit umanong probokasyon sa mga pinagtatalunang lugar.

Muling iginiit ng China ang kanilang soberanya alinsunod sa United Nations Convention on the Law of the Sea, habang naninindigan naman ang Pilipinas na ang mga aksyon nito ay legal at batay sa 2016 arbitral ruling.

# OVP, magsasagawa na rin ng flexible work arrangements bunsod ng patuloy na pagtaas ng presyo ng krudo

Nagpatupad na rin ang Office of the Vice President ng flexible work arrangements batay yan sa drektba mula sa Malacanang para sa strktong implementasyonnng energy-conservation measures dahil sa epekto ng ongoing armed conflict sa Middle East.

Sa naging abiso ng tanggapan, epektibo na rin ngayong araw ang four-day work week sa kanilang opisina kung saan nakalaan ang isang araw para sa work-from-home ng mga empleyado.

Dahil dito, ang magiging operating hours na ng OVP ay mula 8:00am ng umaga hanggang 5:00pm ng hapon mula yan Lunes hanggang Huwebes habaang ang Biyernes naman ay inilaan sa WFH arrangement.

Samantala, tiniyak rin ng OVP na tatalima sila sa striktong pagpapatupad ng mga hakbang sa pagtitipid ng enerhiya ng hindi rin naaapektuhan at nakokompormiso ang kanilang operasyon at trabaho.

# Pakikipagugnayan sa lokal na pamahalaan para sa pagsugpo ng illegal smuggling ng sigarilyo, mas pinapalakas pa ng PNP

Mas pinaigting pa ng Philippine National Police (PNP) ang malalim na pakikipagugnayan sa mga lokal na pamahalaan partikular na sa mga barangay at komunidad para sa maagap at mabilis na pagsugpo sa illegal smuggling ng sigarilyo sa bansa.

Ayon kay PNP Chief PGen. Jose Melencio Nartatez Jr., mahalaga ang papel ng bawat sibilyan sa mga ganitong operasyon bilang mga katuwang na tagapagpatupad ng seguridad at kaayusan sa loob ng mga komunidad.Balitang Pilipinas

Layon din nito na isaisang atugis ang mga malalaking distributor ng mga smuggled cigarettes para tuluyan na ng mabuwag ang network nito sa loob ng bansa.

Maliban dito, hinimok rin ng hepe ang publiko na manatiling mapagmatyag sa kanilang paligid at patuloy na makipagtulungan sa mga otoridad sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga impormasyon o iulat sa mga kinauukulan ang anumang mga aksyon na kahina-hinala o mga posibleng bodega na posibleng imbakan ng mga puslit na produkto.

Sa huli, tiniyak ni Nartatez na mananatiling alerto ang pulisya sa mga ganitong illegal smuggling at sisiguruhing maaaresto sa lalong madaling panahon ang mga personalidada sa likod nito.



# DA, nakipagdayalogo sa mga magsasaka sa gitna ng patuloy na pagtaas ng presyo ng gasolina




Personal na tinungo at nakipagugnayan ang Department of Agriculture (DA) sa mga lokal na magsasaka sa Benguet sa pangunguna yan ni Agriculture Secretary Francisco Tiu Laurel Jr. upang kamustahin ang kasalukuyang bentahan at supply ng mga gulay mula sa rehiyon.

Nasentro sa naging talakayan ang halos madoble at tripleng gastos ng mga stakeholders sa pagpapadala lamang ng mga gulay mula sa mga farms hanggang sa mga trading centers patungo sa mga pamilihan at merkado.

Ayon sa mga magsasaka, mula sa dating dalwang toneladang truck na nagkakahalaga ang gas ng P4,000 ay umakyat na umano sa halos P8,000 piso ang halaga ng gastos sa krudo sa kasalukuyan.

Sinabi rin ng ilang mga truckers association na mula sa inisyal na gastos nila na P15,000 kada biyahe halos pumalo na sa P35,000 per trip ang kanilang gastos mula yan sa La Trinidad Trading Centers hanggang sa mga merkado sa Metro Manila.

Dahil dito, nakikita na posible itong maging dahilan ng pagkakaroon ng halos P1.00 hanggang P2.00 dagdag sa presyo ng mga gulay sa magiging kada kilo kapag ibinagsak na sa mga pamilihan.

Bilang solusyon, siniguro ng Agriculture Department na patuloy na inihahanda ng kanilang tanggapan ang fuel subsidy na nakatakdang ipamahagi sa mga truckers association para maibsan at hindi maputol ang delivery ng mga raw materials mula sa mga farms patungo sa mga palengke sa Maynila.

Maliban dito, nagtalaga na rin ng mga trucks ang DA sa pakikipagtulungan na rin ng departamento sa mga lokal na pamahalaan upang hanguin ang mga gulay hanggang bagsakan nang mabawasan ang gastusin ng mga magsasaka sa gasolina.

Samantala, matapos nito ay tiniyak naman ni Tiu Laurel Jr. na magkakaroon pa ng mga susunod na diskurso at talakayan hinggil dito para mas pahusayin pa ang mga nakahandang interventions ng pamahalaan para sa mga magsasaka at maging sa mga transport operators.

# Crane sa under-construction condominium sa Sta. Cruz, Manila, bumagsak; Isa nasaktan



Isang bahagi ng crane lift sa isang under-construction condominium sa F. Torres Street, Sta. Cruz, Maynila ang bumagsak noong hapon ng Miyerkules, bandang alas-2, na nagdulot ng pinsala sa isang tao.

Ayon sa barangay officials, tinamaan sa ulo ang biktima ng isang piraso ng bakal.

"Bigla lang kami may narinig na lumagabog… 'Yong bumagsak hanggang doon sa dulo," ani Andy Galang, kagawad ng Barangay 303.

Batay sa initial report, ang lifting basket ng crane ay nagdadala ng buhangin nang bigla itong bumagsak.

Dahil sa impact, nasira ang safety canopy na inilagay upang protektahan ang mga motorista, at naputol din ang poste ng telekomunikasyon sa lugar.

"Mga sobra ata 'yon sa 500 kilo. Meron laman… Buhangin… Naputol 'yong kable," ayon sa isang construction worker.

Dumating ang mga responders mula sa Manila City Disaster Risk Reduction and Management Department upang magsagawa ng initial assessment.

Patuloy pa rin ang pagkukumpuni sa scaffolding o canopy na nasira.

Hanggang sa kasalukuyan, 'wala pang opisyal na pahayag mula sa building management tungkol sa insidente.

# Salaknib exercises tuloy sa Abril 6; 8-K sundalo sa iba't ibang bansa inaasahang lalahok



Itutuloy ng Philippine Army ang nakatakdang joint military exercises kasama ang mga kaalyadong bansa sa kabila ng mga hamon sa suplay ng langis, ayon sa opisyal nitong Miyerkules, Abril 1, 2026.Balitang Pilipinas

Tinatayang nasa 8,000 sundalo mula sa Pilipinas, Estados Unidos, Japan, Australia, at New Zealand ang lalahok sa "Salaknib" exercises na gaganapin sa Northern at Central Luzon simula Abril 6.

Ayon kay Army spokesperson Col. Louie Dema-ala, nakaplano na ang lahat ng aktibidad at 'walang ipatutupad na budget cuts sa kabila ng mga isyu sa suplay ng langis.

Ang Salaknib exercises ay tututok sa maritime at territorial defense, humanitarian assistance at disaster response, gayundin sa amphibious at combined arms operations.

Ngayong taon, unang beses na makikilahok ang Japan at New Zealand sa naturang military drills.

Dagdag pa ni Dema-ala, magkakaroon ng live-fire exercises, bagama't hindi pa tiyak kung anon kagamitan ang gagamitin dahil ito ay ibabatay aniya sa magiging scenario ng pagsasanay.

Layunin ng aktibidad na mapalakas ang kakayahan ng mga sundalo sa pamamagitan ng pagsasanay kasama ang mga international partners at paggamit ng iba't ibang military capabilities.

# 35 gasolinahan sa Bicol Region, pansamantalang ipinasara dahil sa paglabag at kawalan ng supply

Pansamantalang ipinasara ang nasa 35 na gasolinahan sa iba't ibang bahagi ng Bicol Region matapos matuklasan ng Police Regional Office ang mga isyu sa operasyon nito, kabilang ang kawalan ng kaukulang business permits at pagkaubos ng supply ng petrolyo.

Batay sa pinakabagong datos hanggang nitong Miyerkules, Marso 31, ang mga naturang istasyon ay bahagi ng 835 na monitored na gasolinahan sa buong rehiyon na mahigpit na binabantayan ng mga awtoridad.

Ayon kay Brig. Gen. Erosito Miranda, ang pinuno ng Bicol police, naitala sa lalawigan ng Camarines Sur ang pinakamataas na bilang ng mga isinarang istasyon na umabot sa 16.

Apektado rito ang mga bayan ng Calabanga, Cabusao, Minalabac, Ocampo, Pili, Caramoan, San Jose, Siruma, at Iriga City.

Sinundan ito ng lalawigan ng Albay na may walong saradong gasolinahan sa Guinobatan, Polangui, Malinao, Daraga, Pio Duran, Malilipot, at Ligao City. Anim naman ang naitala sa Masbate, partikular sa Uson, Aroroy, Baleno, Batuan, Esperanza, at Palanas. Tig-dalawang istasyon ang pansamantalang natigil ang operasyon sa Camarines Norte at Sorsogon, habang isa sa Naga City.

Ipinaliwanag ng opisyal ang iba't ibang dahilan ng pagpapasara, kabilang na ang ilang mga istasyon na kasalukuyang sumasailalim sa renovations.

Bilang hakbang upang maprotektahan ang publiko, tiniyak ng kapulisan na tuloy-tuloy ang kanilang isinasagawang pagbabantay sa presyo ng langis.

Layunin nitong masiguro na sumusunod ang lahat ng gasolinahan sa mga umiiral na regulasyon at maiwasan ang pananamantala sa mga konsyumer sa gitna ng sitwasyon.



**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 123, CALOOCAN CITY**
Cellphone No. 0916-320-7560 / Email: rtc1ccn123@judiciary.gov.ph
2nd Flr. Caloocan City Judicial Complex, 10th Avenue, Caloocan City

**PETITION FOR CORRECTION OF ENTRIES IN THE CERTIFICATE OF LIVE BIRTH OF ROBERT MALINAO TORRECAMPO UNDER LOCAL CIVIL REGISTRAR NO. 5-231(e), Caloocan City.**

**ROBERT ENAD DOCTORE and SUSANA ENAD DOCTORE, represented by Robert Enad Doctore,**
Petitioners,

**SP. PROC. CASE NO. C-6373 (2026)**

-versus-

**THE CIVIL REGISTRAR OF CALOOCAN CITY, PHILLIPINE STATISTICS AUTHORITY (PSA), AND ALL PERSONS/ENTITIES WHICH MAY BE AFFECTED THEREBY,**
Respondents.
x----------------------------------------------------------x

## ORDER

This is a verified Petition filed by the Petitioner, through counsel, on February 9, 2026, praying that after due notice and hearing, an Order be issued:

1.) Requiring the Office of the Civil Registrar of Caloocan City to correct the CERTIFICATE OF LIVE BIRTH of petitioner under LOCAL CIVIL REGISTRAR NO. 5-231(e), Caloocan City, by entering therein the following:
i: The correct name Robert Enad Doctore of petitioner,
ii: The correct maiden name Susana Manilao Enad with respect to petitioner Susana Enad Doctore (the biological mother of petitioner Robert Enad Doctore),
iii: The correct name Alberto Torrecampo Doctore (the biological father of petitioner Robert Enad Doctore); and
2.) Requiring the Office of the Civil Registrar of Caloocan City to issue a new Certificate of Live Birth to petitioner Robert Enad Doctore incorporating therein the foregoing correct names.

The Court hereby resolves to give notice to the public that the instant petition will be heard by this Court located at the 2nd Floor, Caloocan Judicial Complex, 10th Avenue, Caloocan City, on **April 29, 2026 at 8:30 in the morning,** at which time, date and place, all persons interested are ordered to show cause, if any, why the petition should not be granted.

Let this Order be published in a newspaper of general circulation once a week for three (3) consecutive weeks to be chosen by raffle in accordance with Presidential Decree No. 1079 and posted by the Sheriff of this Court in three (3) conspicuous public places in the City of Caloocan, at the expense of the petitioner.

Also, furnish the Office of the Solicitor General and the Office of the City Prosecutor, Caloocan City, the Office of the Civil Registrar, Caloocan City, the Philippine Statistics Authority (PSA), Susana Enad Doctore and Alberto Torrecampo Doctore with copies of this Order and of the petition.

SO ORDERED.

Caloocan City, February 24, 2026.

**(SIGNED)**
**NANETTE M. AUSTRIA**
Presiding Judge

Copy furnished:
1. **Atty. Eduardo B. Padilla** (ptalawfirm@gmail.com; 09065136826; 09476278640) – (Counsel for petitioner) – c/o Padilla, Alvarez, Leonida & Sadili Law Office – 31 Antonio Arnaiz Street, 2nd Floor, Alliance Realty Enterprises Bldg., Pasay City;
2. **Susana Enad Doctore and Robert Enad Doctore** (petitioners) – 18 Kaganapan St., Bagong Barrio, Caloocan City;
3. **Susana Enad Doctore and Alberto Torrecampo Doctore** (biological parents of petitioner Robert Enad Doctore) – Barangay San Vicente, Municipality of Bato, Province of Camarines Sur;
4. **Office of the Solicitor General** (efile@osg.gov.ph; docket@osg.gov.ph) – 134 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City;
5. **City Prosecutor's Office (CPO)** (ocpcalookan@doj.gov.ph) – 3rd Flr. Caloocan City Judicial Complex, 10th Avenue, Caloocan City;
6. **Office of the Civil Registrar of Caloocan City** – New Caloocan City Hall, 8th Avenue, Grace Park East, Caloocan City
7. **Civil Registrar General, Philippine Statistics Authority (PSA)** – PSA Complex, East Avenue, Diliman, Quezon City.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: March 30, April 06 & 13, 2026**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**REGIONAL TRIAL COURT**
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
& EX-OFFICIO SHERIFF
MANDALUYONG CITY
E-mail: rtc1mdlocc@judiciary.gov.ph (639952598147)

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

**FRE-MC26-2164**
**Extra Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act No. 3135, as amended by Act No. 4118**

-versus-

**NUAIRA HALUN MUHAMMAD, AS REPRESENTED BY HER ATTORNEY-IN-FACT, NADIA ADJAIN HASSAN,**
Debtor/Mortgagor.
x-----------------------------------------------------x

## NOTICE OF SHERIFF'S SALE

Upon Extra-Judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **BDO UNIBANK, INC.,** Mortgagee, against **NUAIRA HALUN MUHAMMAD,** as represented by her Attorney-In-Fact, **NADIA ADJAIN HASSAN,** Debtor/Mortgagor, with postal address/es at (1) No. 09-11 Basilan Street, Salam Mosque Compound, Barangay Culiat, Tandang Sora, Quezon City 1116; and (2) Unit 1723, 17th Floor, Building 1, Fame Residences EDSA, Barangay Highway Hills, Mandaluyong City, to satisfy the mortgaged indebtedness which as of **March 6, 2026** amounts to **TWO MILLION FIFTY-THREE THOUSAND ONE HUNDRED FIFTY-SEVEN & 04/100 PESOS (P2,053,157.04) ONLY** Philippine Currency, inclusive of interest, penalties and other charges, the Ex-Officio Sheriff of Mandaluyong City or his duly authorized deputy will sell at PUBLIC AUCTION to the HIGHEST BIDDER FOR CASH OR MANAGERS CHECK and in Philippine Currency on **May 6, 2026 at 9:00 o'clock in the morning or soon thereafter but not later than 12:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of Mandaluyong City Hall, Maysilo Circle, Mandaluyong City,** the following Condominium unit/s with all the improvements existing thereon, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 008-2023002784**
**Registry of Deeds – Mandaluyong City**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

TOWER 1
UNIT NO. : 1723
FLOOR LEVEL: SEVENTEENTH FLOOR
UNIT DESCRIPTION: 1 BR WITH BALCONY
APPROX. AREA : 24.1

OF THE "FAME RESIDENCES" CONDOMINIUM PROJECT

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2014000521 which embraces and describes the land located at MANDALUYONG CITY with an area of (EIGHTEEN THOUSAND NINE HUNDRED SEVEN (18,907)) Square Meter x x x x x

"All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date."

"In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **May 13, 2026, 9:00 A.M.** or soon thereafter without further notice."

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said real property and the encumbrances thereon, if any there be.

Mandaluyong City, Philippines, March 23, 2026.

FOR THE EX-OFFICIO SHERIFF
BY:

**(SIGNED)**
**VICTOR M. PE BENITO**
Sheriff IV

Copy furnished:

**MS. APRIL ROSE C. PAPA**
**BDO UNIBANK, INC.**
Consumer Remedial Management Unit
33/F BDO Corporate Center Ortigas,
12 ADB Avenue, Ortigas Center,
Mandaluyong City

**NUAIRA HALUN MUHAMMAD,**
as represented by her Attorney-In-Fact,
**NADIA ADJAIN HASSAN**
(1) No. 09-11 Basilan Street, Salam Mosque Compound, Barangay Culiat, Tandang Sora, Quezon City
(2) Unit 1723, 17th Floor, Building 1, Fame Residences EDSA, Barangay Highway Hills, Mandaluyong City

WARNING:

It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sheriff's Sale on or before the date of Auction Sale, under penalty of the Law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: March 30, April 06 & 13, 2026**

# Dating gasoline supervisor, arestado sa umano'y pagnanakaw ng P57-M sa kumpanya

Naaresto ang isang 35-anyos na dating supervisor ng isang gasolinahan sa Maynila matapos umanong mangulimbat ng aabot sa P57 million na kita ng kompanya.

Ayon sa Manila Police District (MPD), naaresto ang akusado sa harap ng isang condominium sa Parañaque City noong hapon ng Martes, Marso 31.

Pinaniniwalaang pineke niya ang mga deposit slip ng benta ng gasolinahan upang itago ang aktwal na kinikita.

"Ang ginagawa niya raw ay pina-falsify niya 'yong nire-remit niyang pera. Halimbawa, kung kumita ang gasolinahan ng 800,000 pesos, ang binibigay niya lang ay 200,000. Binabawas niya hanggang sa pumatong nang pumatong, umabot sa P57 million," ani PMAJ Jake Serrano Arcilla, hepe ng Warrant and Subpoena Section-MPD.

Nagsimula umano ang akusado sa naturang gasolinahan noong Marso 2024 sa ilalim ng isang manpower agency.

Noong Marso 2025, nadiskubre ng agency ang kanyang ilegal na gawain matapos masilip ng roving auditor ang mga deposit slip. Ayon sa Human Resource officer ng agency, hindi na nag-report sa opisina ang suspek para magpaliwanag.

Napansin rin umano ang biglang pagyaman ng akusado. "Meron po siyang napo-post sa social media na magagarbo ang gamit niya, branded, at madalas kasama ang pamilya sa get-together… hindi po akma sa kikitain niya bilang station supervisor," dagdag ni Arcilla.

Naisampa sa akusado ang 96 counts ng qualified theft, na maaari pang madagdagan. Tumanggi siyang magbigay ng komento habang nasa custodial facility ng MPD.





By
**Bro. Ernie Acayan**

**Mateo 3:2**
**"Ganito ang Kanyang sinasabi, "Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit!"**

## TUNAY NA PAGSISISI

**Sapat na ba ang paghingi ng tawad sa Dios upang sabihing tunay ang ating pagsisisi?**

**Gawa 26:20**
**"Nangaral ako, una sa Damasco, saka sa Jerusalem at sa buong lupain ng Judea, at gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat silang magsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan, lumapit sa Diyos, at ipakita ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng mga gawa."**

**Ano ang mga dapat nating gawin upang ipahayag na tayo'y nagsisisi.**

**1) May buhay-panalangin. Ang tunay na may ugnayan sa Dios ay sa pamamagitan ng isang lumalagong buhay-panalangin. Kailangan ito upang lumago ang isang mananampalataya sa kanyang pananampalataya. Ito'y hindi isang suwestiyon kundi utos ng Dios.**

**1 Tesalonica 5:17**
**"...palagi kayong manalangin..."**

**Ito ay isang utos upang lumago tayo sa pagkakakilala kay Hesus at magkaroon ng malalim na relasyon sa Kanya.**

**Ang panalangin ay paraan upang tayo ay makatanggap sa Kanya at magawa natin ang Kanyang kalooban.**

**Juan 15:5**
**"Ako ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa Akin, at Ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa Akin."**

**2) May bagong uri ng pamumuhay. Ang tunay na pagsisisi ay ang pagtalikod sa lumang pamumuhay at paglandas ng isang bagong buhay na kasama si Kristo.**

**2 Cor.5:17**
**"Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago. "**

**3) Ang taong nagsisi ay may bago ng kaisipan.**

**Roma.12:2**
**"Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos."**

**Ang taong may bago ng kaisipan ay ang makatatanggap ng pangunawa sa mga pahayag ng Dios.**

**Efeso 4:23-24**
**"**
**Magbago na kayo ng diwa at pag-iisip; at ang dapat ninyong isuot ay ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, at nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay ayon sa katotohanan.**

**Gayun din naman, siya ay may kakayahang tumanggi sa alok ng laman, ng mundo at ng demonyo.**

**1 Juan 3:9**
**" Ang mga anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala, sapagkat nananatili sa kanila ang binhing mula sa Diyos. At dahil ang Diyos ang ama nila, hindi sila maaaring magpatuloy sa pagkakasala."**

**TO GOD BE THE GLORY.**

# 48-oras na ultimatum, ibinaba ni Trump sa Iran para makipag-deal o haharapin ang 'impyerno'



**Sinabi ni U.S. President Donald Trump nitong Sabado (araw sa Amerika) na may 48-oras lamang ang Tehran upang makipagkasundo o haharapin nito ang "all hell," habang ang tropa ng Estados Unidos at Iranian ay nagsasagawa na nang paghahanap para sa isang napabagsak na U.S. airman.**

"Remember when I gave Iran ten days to MAKE A DEAL or OPEN UP THE HORMUZ STRAIT. Time is running out – 48 hours before all hell will reign down on them," ani Trump sa kanyang post sa Truth Social.

Ang banta ni Trump ay kasunod ng isang pagsabog malapit sa isang Iranian nuclear power plant na nagdulot ng evacuations, at mga ulat ng pag-atake sa rehiyon, kabilang ang isang commercial ship sa Bahrain na pinaniniwalaang konektado sa Israel at tinarget ng Iran's Revolutionary Guards.

Ang digmaan ay nagsimula mahigit isang buwan na ang nakalipas dahil sa US-Israeli strikes sa Iran kung saan nagpalawak ng tensyon sa buong Gitnang Silangan, na nakaapekto sa pandaigdigang ekonomiya, lalo na sa pagsasara ng Strait of Hormuz.

Noong Marso 21, unang nagbanta si Trump na "obliterate" ang mga power plant ng Iran, simula sa pinakamalaki, kung hindi bubuksan ng Tehran ang Strait of Hormuz sa loob ng 48 oras.

Ilang araw lang ang nakalipas, sinabi niyang nagaganap ang "very good and productive conversations" at ipinagpaliban ang strike sa loob ng limang araw.

Ngunit ngayon ay muling itinakda ng Amerika ang deadline na magtatapos ng alas-8:00 ng gabi sa Lunes (Martes sa Pilipinas).

Ayon sa mga eksperto, ang pag-atake sa civil energy infrastructure ay maaaring ituring na war crime.

Noong Biyernes, iniulat ng Iran na kanilang na-shoot down ang isang F-15 warplane ng U.S., habang iniulat ng U.S. media na isa sa dalawang crew members ay nakaligtas habang ang isa ay patuloy na nawawala.

Tinawanan naman ni Mohammad Ghalibaf, speaker ng Iran's parliament, ang administrasyon ni Trump.

"The war they started has now been downgraded from 'regime change' to 'Hey! Can anyone find our pilots? What incredible progress. Absolute geniuses."

Ayon kay retired U.S brigadier general Houston Cantwell, na may 400 oras ng combat flight experience, ang training ng piloto ay malaking bagay at maitutulong sa oras na kailangan niyang bumaba sa lupa gamit ang parachute.

"My priority would be, first of all, concealment, because I don't want to be captured," ani Cantwell.



## Blake Lively sexual harassment claims vs. Justin Baldoni, ibinasura ng US judge

Ibinasura ng isang federal judge ang sexual harassment claims ni Blake Lively laban kay Justin Baldoni kaugnay ng kanilang pelikulang "It Ends With Us" noong 2024.

Ayon sa hukom, ang umano'y maling ginawa ni Baldoni ay nakatuon lamang sa karakter ni Lively sa pelikula na kanilang ginagawa noon, at hindi nangangahulugang pananamantala sa kanya. Bukod dito may kalayaan din daw ang mga direktor na gumawa ng desisyon sa set basta naaayon ito sa script.

Gayunpaman, maaari pa ring ituloy ni Lively ang kanyang reklamo laban sa Wayfarer Studios, production company ni Baldoni, para sa umano'y paninira sa kanyang career matapos niyang ireklamo ang pambabastos sa kanya sa set.


Nakaiskedyul ang paglilitis sa Mayo 18, at plano ni Lively na magpatotoo tungkol sa mga ginawa ng studio laban sa kanyang reputasyon.

Malugod namang tinanggap ng abogado ni Baldoni ang desisyon, at sinabing "significantly narrowed case" at iginiit na 'walang ginawang mali ang kanyang kliyente.

Ang kaso ay nakatawag-pansin sa Hollywood, at posibleng maging testigo sina Taylor Swift, Gigi Hadid, at Hugh Jackman na ayon kay Lively may sapat na impormasyon para suportahan ang kanyang mga paratang.

Maalalang naghain si Lively ng kaso noong Disyembre 2024, na naglalaman ng reklamong harassment, paninirang-puri, paglabag sa privacy, at paglabag sa civil rights nito, habang iginiit ni Baldoni na may karapatan siyang kumuha ng crisis management firm matapos makaladkad ang kanyang pangalan.

## Kanye West hindi nagustuhan ang stage lightning effects sa kaniyang show sa LA



Hindi maitago ni Kanye West ang kaniyang pagkadismaya sa light controller ng kaniyang show sa Los Angeles.

Makailang ulit na itinigil ng singer ang kaniyang kanta dahil sa hindi magandang paggalaw ng ilaw.

Dagdag pa nito na hindi tumutugma ang ilaw at ito ay labis na naiistorbo.

Dahil dito ay minabuti niyang patayin na ang ilaw habang kinakanta ang kaniyang hit song na "Good Life".

Matapos ang ikatlong pagtigil ay ipinagpatuloy na ang pagkanta.

Ilang mga singer din ang nakasama ng rapper sa show gaya nina Don Toliver ganun ang anak nitong si North.

## Sandara Park masayang nagbabakasyon sa bansa



Masayang ibinahagi ng K-pop star na si Sandara "Dara" Park na ito ay nakabakasyon sa Pilipinas.

Sa kaniyang social media account ay ibinahagi ng singer ang ilang larawan ng kaniyang pagbabalik sa bansa. Kasama nito ang mga kaibigan para magbakasyon sa Pilipinas.

Hindi nakakalimutan ng 2NE1 member ang pagbisita sa Pilipinas dahil sa may dugo itong Pilipino.

Sumikat ito noong 2004 sa pagsali sa reality show kung saan taong 2009 ng maging miyembro ito ng Korean group na 2NE1.

Isinagawa rin ng grupo ang kanilang reunion concert sa bansa noong 2024.



## Ikatlong album ni Olivia Rodrigo ilalabas sa Hunyo 12


Isasabay ni Filipina-American singer Olivia Rodrigo sa Araw ng Kalayaan sa Hunyo 12 ang paglabas ng kaniyang bagong ikatlong album.

Sa kaniyang social media account ay inanunsiyo nito ang nalalapit na paglabas ng album niya na may pamagat na "You Seem Pretty Sad for a girl so in love".

Dagdag pa nito na labis siyang nasasabik sa mga fans kung saan mayroon na itong pre order.

Nagpahapyaw pa ito sa laman ng nasabing album na kinabibilangan ng love song na may dalang kalungkutan.

## Pope Leo XIV, nanawagan sa mundo na huwag maging manhid sa gitna ng mga digmaan



Hinimok ni Pope Leo XIV ang mga Katoliko na huwag maging manhid o paralisado sa takot, sa gitna ng nagpapatuloy na mga digmaan sa iba't ibang panig ng mundo, kundi sa halip ay magsumikap para sa kapayapaan.

Sa kaniyang easter vigil mass homily sa St. Peter's Basilica nitong Sabado ng gabi, kaniyang binigyang-diin ang panganib ng lumalalang kawalan ng tiwala na sumisira sa ugnayan ng mga bansa.

Ayon sa Santo Papa, huwag nating hayaan ang ating mga sarili na maparalisa.

Aniya ang kawalan ng tiwala at takot ay hinayaang putulin ang mga ugnayan sa pagitan natin sa pamamagitan ng digmaan, kawalan ng katarungan, at pagbubukod ng mga tao at nasyon.

Bagaman walang binanggit na partikular na bansa sa kanyang homilya, kilala si Pope Leo bilang vocal na kritiko ng kasalukuyang digmaan sa Iran.

Noong nakaraang Linggo, matapang niyang sinabi na tinatanggihan ng Diyos ang mga panalangin ng mga pinunong nagpapasimula ng gulo at may "mga kamay na puno ng dugo."

Direktang umapela si Pope Leo kay US President Donald Trump nitong Martes, na humihiling ng "off-ramp" o paraan upang tuluyan nang wakasan ang nasabing labanan.

## Pakistan, nagpatupad ng isang buwang libreng sakay kasunod ng tumataas na presyo ng gasolina

Inanunsyo ng Pakistan na magiging libre para sa publiko ang state-run public transport ng kabisera ng Islamabad at sa pinakamataong probinsya ng bansa sa loob ng isang buwan, matapos sumirit ang presyo ng gasolina sa bansa kasunod ng digmaan sa Middle East

Ang hakbang ay kasunod nang isinagawang protesta sa bansa at naitalang mahahabang pila ng mga motorista sa mga gasolinahan matapos pumalo sa 42.7 porsyento na pagtaas ang presyo ng petrolyo sa 485 rupees (US$1.74) kada litro.Nangako naman si Pakistan Prime Minister Shehbaz Sharif, na kanyang ibababa ang presyo at itatakda ito sa 378 rupees kada litro.

"This decrease will be applicable for at least one month," ani Sharif national televised address. "I promise I will not rest until your life is back to normal."

Sa kabilang banda mananatili naman ang presyo ng diesel ng bansa sa 520 rupees kada litro matapos ang 54.9-porsyentong pagtaas.

Ayon kay Interior Minister Mohsin Naqvi, magsisimula ang libreng transportasyon sa susunod na araw (Sabado), kung saan gagastos ang pamahalaan ng 350 million rupees.Bukod sa libreng sakay nagpatupad rin ng libreng "targeted subsidies" para sa mga truck at bus ang chief minister ng Punjab, habang hinikayat ni Maryam Nawaz Sharif ang mga operator na huwag ipasa sa pasahero ang karagdagang gastos.Sa Sindh, ipinatupad naman ang katulad na subsidiya para sa mga motorista at maliliit na magsasaka sa Karachi.

Kasabay ng isang buwang kaguluhan sa Middle East nagpatupad ng austerity measures ang Pakistan kabilang ang pagpapalipat ng ilang government offices sa apat na araw na workweek, pagpapahaba ng school holidays, at pagpapatupad ng online class.

Ayon sa World Bank, humigit-kumulang 25 porsyento ng 240 milyong populasyon ng Pakistan ay nabubuhay sa kahirapan.

Samantala naitala pa sa iba pang bansa sa Asya ang mataas na presyo ng enerhiya, kabilang ang Bangladesh, na nagtaas ng presyo ng liquefied petroleum gas at compressed natural gas ng 29 porsyento noong Huwebes.






"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"

**Taytay RTW Base**

Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay
San Jose, Tarlac, Philippines
Contact No.# 09460277182

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: April 13 - 19, 2026




#308 Barangka Drive in front of Bonifacio
Javier National High School, Mandaluyong City
Contact : Juliana Diesta # 09052264801
krusty.ebox@gmail.com

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: April 13 - 19, 2026




FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel
Contact No. 09665262989

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: April 13 - 19, 2026





## Across

1. "One last thing ... "
8. Gadget for a seafood chef
14. Chewy bits in some oatmeal cookies
15. Estrogen, e.g.
16. Noisy insects that emerge in summer
17. Small crustaceans
18. Luge, for one
19. Get stuff ready for vacation
21. Series of reps in the gym
22. Empty spaces
24. Sponged (off)
26. "__-ching!"
28. "Bohemian Rhapsody" Oscar winner Malek
30. "O Sole __"
31. Target
32. Sch. that hosts the Sun Bowl
33. To-do list trip
37. Fuss at the mirror
39. "Euphoria" cable network
41. Chocolate source
42. Made a cozy home
44. Not written down, as a contract
46. Official who calls balls and strikes
47. Laudatory poem
48. Ready, willing, and __
49. Driver's seat?
50. Snack brand named for a Roman moon goddess
53. Dept. of Labor div.
55. Equinox mo.
56. Fool around (with)
58. Kimono sashes
61. Consider anew
63. Seasonal quaffs
65. Awakens
66. Take revenge
67. Electronic keyboards, informally
68. Appetizer-size burgers

## DOWN

1. Rainbow shapes
2. Get just right
3. Yahtzee, craps, et al.
4. Carne __ tacos: steak dish
5. Tupperware top
6. Gets short with
7. Mount of Greek myth
8. Offender's defiant challenge
9. Mysterious designs in fields
10. Concert device
11. Start to change?
12. Came to a stop
13. Sit for a spell
15. Long walk
20. Portable writing surface
23. Fruit-filled breakfast treat
25. Jewish wedding dance
26. Crunch's rank in the cereal aisle
27. Fill a job opening
29. "It's alright, I suppose"
34. On the next level, or what 3-, 9-, 20-, and 23-Down literally have
35. First entry on many a form
36. Suss (out), informally
38. School attended by many English statesmen
40. Poetic sphere
43. Fillets, as a flounder
45. Soothing balm for a sunburn
50. Suspicious (of)
51. "The Jungle" writer Sinclair
52. NASA go-aheads
54. Made sharper
55. Sp. titles
57. Staying power
59. Disney CEO before D'Amaro
60. Hyphenated personal IDs
62. Crude dwelling
64. VW hatchback



## WORD HUNT

**DALLAS**



JR EWING
BOBBY
SUE ELLEN
PAMELA
JOHN ROSS
CHRISTOPHER
ELLENA
ANN
HARRIS
EMMA
RANCH
CLIFF BARNES
PAM BARNES
OIL
CATTLE
ENERGY
GARY
METHANE
SCOTCH
FAMILY

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | F | S | H | M | S | E | A | R | S | P | B |
| T | E | A | E | A | E | N | L | H | C | A | A |
| I | C | N | M | M | R | T | E | T | O | M | O |
| J | H | E | B | I | M | R | B | H | T | B | R |
| O | R | L | O | E | L | A | I | H | C | A | S |
| H | I | L | B | B | R | Y | R | S | H | R | C |
| N | S | E | B | Y | J | R | E | W | I | N | G |
| R | T | E | Y | P | A | M | E | L | A | E | M |
| O | O | U | I | E | A | R | E | C | N | S | E |
| S | P | S | A | L | Y | A | T | I | N | E | T |
| S | H | E | F | L | E | N | E | R | G | Y | H |
| O | E | L | I | E | L | C | Y | R | A | G | A |
| A | R | O | N | N | B | H | F | L | L | C | N |
| S | E | N | R | A | B | F | F | I | L | C | E |

# Alex Eala sasabak sa ilang torneo ngayong buwan

May ilang torneo pa na lalahukan si Pinay Tennis star Alex Eala sa mga susunod na linggo.

Una rioa ng pagsabak niya sa clay court sa Linz Openna isang WTA 500 event sa Austria na magsisimula mula Abril 6 hanggang 12.

Ilan sa mga posibleng makaharap nito ay ang mga malalaking pangalan sa tennis gaya nina Emma Raducanu, Clara Tauson, Jelena Ostapenko at ang defending champion na si Ekaterina Alexandrova.

Kabilang na dito ang WTA 500 tournament sa Germany mula Abril 13 hanggang 19.

Makakasama rin ang world ranked 45 na si Eala sa Madrid Open na gaganapin mula Abril 21 hanggagn Mayo 3.

Noong nakaraang taon sa Madrid tournament ay nabigo ito kay Iga Swiatek sa tatlong sets sa ikalawang round.

Magugunitang katatapos lamang ni Eala ang pagsabak sa ilang torneo sa US gaya sa Indian Wells at Miami Open.





## Steph Curry, balik na sa full practice matapos ang 2-buwang pagkawala

Balik na sa full practice si NBA superstar Stephen Curry matapos ang dalawang buwan ng hindi paglalaro.

Ito ay bunsod ng kanyang inindang pananakit sa kanang tuhod.

Ayon kay Golden State Warriors head coach Steve Kerr, nakabalik na si Curry sa 5-on-5 scrimmage kasama ang ilang coach at mga manlalaro ng koponan.

Gayunpaman, nananatiling magaan ang mga session na pinagdaanan ng NBA star, habang nakahanay pa ang iba pang full practice. Sa kasalukuyan, hindi pa naglalabas ng kumpirmasyon ang Golden State Warriors kung makakabalik na si Curry sa aktwal na laro bago matapos ang regular season.

Nakatakdang harapin ng Warriors ang San Antonio bukas, Abril 2, na susundan ng back-to-back game laban sa Cleveland Cavaliers.

Matapos nito, limang laro na lang ang nalalabi sa regular schedule ng koponan bago tuluyang matapos ang season.

Umabot na sa 25 games ang hindi nalaro ni Curry mula noong Enero 30.


PVN SPORTS

NO. VIII | ISSUE NO. 37 | APRIL 13 - 19, 2026 | ₱15.00


## Tiger Woods magpapagamot sa ibang bansa matapos ang pagkakaaresto ng pagmamaneho ng naka-inom

Inanunsiyo ni US golf star Tiger Woods na ito ay magpapagamot sa ibang bansa.

Ang nasabing anunsiyo ay kasunod ng kaniyang pagkakaaresto dahil sa pagmamaneho ng nakainom.

Pinayagan na rin ito ng korte na makabiyahe sa ibang bansa. Sinabi ng kaniyang abugado na si Douglas Duncan na kaya pinili nila sa ibang bansa magpagamot ay dahil sa nakompromiso na ang kaniyang privacy sa US.

Magkakaroon kasi ng negatibong epekto ito sa kaniyang gamutan kapag sa US lamang siya nagpagamot.

Tiniyak naman nito na handa silang humarap sa korte kung kinakailangan ang kaniyang presensya.



## Manny Pacquiao, nilinaw na tunay na laban ang rematch kay Floyd Mayweather

Nilinaw ng eight-division world champion na si Manny Pacquiao na ang kanyang inaasahang rematch laban kay Floyd Mayweather Jr. sa Setyembre 19 ay isang "real fight" at hindi exhibition lamang.

Ayon kay Pacquiao, naiintindihan niya ang naging pahayag ni Mayweather kamakailan na tinawag ang laban sa The Sphere sa Las Vegas bilang exhibition para lamang aliwin ang publiko.

Ngunit, binigyang-diin ni Pacquiao na ang kontrata ay para sa isang professional fight na mabibilang sa kanilang record.

"From the beginning, my intention has been to give the fans what they truly want to see. A high-level, competitive sanctioned fight," aniya.

Noong Pebrero, inanunsyo ng sikat na streaming platform na ipapalabas nila ang laban sa buong mundo, isang hakbang na pinuri ni Pacquiao bilang pagsunod sa eksaktong kasunduan ng kontrata.

Dagdag people's champ, ang exhibition match laban sa retiradong dating junior welterweight champion na si Ruslan Provodnikov ngayong Abril ay hindi pa pinal.

Si Pacquiao ay nagsimula na ng light training limang buwan bago ang laban kasama ang longtime trainers na sina Freddie Roach at Buboy Fernandez sa Los Angeles, California.

Kasabay nito, naroroon si Pacquiao sa Temecula, California para suportahan ang ikalawang professional fight ng kanyang anak na si Jimuel laban kay Darrick Gates.

## Jimuel Pacquiao, nasungkit ang unang panalo sa Professional Boxing matapos ma-KO sa 2nd-round ang kalaban

Nasungkit ni Emmanuel "Jimuel" Pacquiao Jr. ang unang panalo sa Professional Boxing matapos ma-knockout sa ikalawang round pa lamang ang American fighter na si Darrick Gates sa 4-round lightweight fight ngayong Sabado (Manila time) sa Pechanga Resort and Casino sa California, USA.



Matapos ang isang dikit na unang round, agad umatake si Pacquiao sa ikalawang round.

Nakakonekta siya ng sunod-sunod na suntok, na tinapos ng isang hook, dahilan upang bumagsak si Gates.

Si Gates, na isa ring bare-knuckle fighter, ay nakabangon pa bago matapos ang 10-count ng referee, ngunit muli siyang napabagsak dahil sa isang body shot.

Sa pagkakataong ito, itinigil na ng referee ang laban matapos ang isang minuto at 34 na segundo ng ikalawang round at idineklarang panalo via Technical Knockout (TKO) si Jimuel Pacquiao.

Sa ngayon, may hawak na record ang batang Pacquiao na 1 win-0 loss-1 draw.

## Calvin Abueva pinagmulta ng P20-K dahil sa pag-aku-sa sa mga referee ng pagtanggap ng pera



Pinatawan ng P20,000 na multa si Converge FiberXers player Calvin Abueva matapos ang negatibong pahayag nito sa opisyal ng PBA.

Nangyari ang insidente na pagkatalo ng Converge laban sa Barangay Ginebra nitong Linggo.Ipinatawag si Abueva ng mga opisyal ng PBA matapos na sumigaw ng "Paldo referee" at "Apat silang paldo" bilang pagpapahayag ng kaniyang pagkadismaya sa kanilang pagkatalo 99-93.Hindi na ito pinatawang pa ng suspension at tanging minultahan lamang siya matapos makuha sa video ang kaniyang pagsigaw.

Humingi naman ng kapatawaran si Abueva noong ito ay ipinatawag siya sa opisina ni PBA Commissioner Willie Marcial.

## Boston, pasok na sa 2026 Playoffs

Pasok na sa 2026 Playoffs ang Boston Celtics matapos talunin ang Charlotte Hornets noong Marso 30 sa iskor na 114-99.

Pinangunahan ni Jayson Tatum ang panalo matapos magtala ng 32 puntos, walong assists, limang rebounds, at isang block.

Malaking kontribusyon din ang 28 puntos, anim na rebounds, at isang steal mula kay Payton Pritchard.

Dinomina ng Boston ang paint area na may 52 puntos kumpara sa 40 ng Hornets.

Pinuwersa rin nila ang Charlotte na gumawa ng 11 turnovers habang sila ay nalimitahan sa lima sa loob ng 48 minuto.

Walang nagawa si LaMelo Ball upang mailigtas ang Hornets matapos siyang malimitahan sa 19 puntos at apat na rebounds.

## Lakers star Luka Doncic sasailalim sa MRI scan matapos ang hamstring injury

Nakatakdang sumailalim sa Magnetic Resonance Imaging (MRI) scan si Los Angeles Lakers star Luka Doncic.

Kasunod ito sa natamo niyang left hamstring injury sa laban nila kontra Oklahoma City Thunder.

Ayon kay Lakers coach JJ Redick , na nais nilang malaman ang lawak ng strained injury ni Doncic.

Nangyari ang insidente sa first half ng laro at muling nasaktan nito sa third quarter ng laro habang ito ay binabantayan ni Jalen Williams.

Ikinalungkot naman ni Lakers star LeBron James ang insidente kung saan umaasa ito na gumaling na ito.

